



Nancy S. Grasmick
State Superintendent of Schools

Martin O'Malley
Governor

Maryland State Department of Education
Division of Special Education/Early Intervention Services
200 W. Baltimore Street, Baltimore, MD 21201
www.marylandpublicschools.org

GABAY SA MGA MAGULANG SA MADALAS NA KATANUNGAN TUNGKOL SA PAMAMAGITAN SA ESPESYAL NA EDUKASYON

1. Ano ang pamamagitan?

Ang pamamagitan ay isang kusang loob na pamamaraan na maaring gamitin sa paglutas ng hindi pagkakaunawaan sa pagitan ng mga magulang ng mag-aaral na may kapansanan, o isang mag-aaral na ipinalalagay na may kapansanan, at ang pampublikong ahensiya¹ na may pananagutan para sa edukasyon ng mag-aaral.

2. Sino ang mangangasiwa sa pamamagitan?

Ang taong nagsisilbing tagapangasiwa ay isang tauhan ng Tanggapan ng Tagapangasiwa sa Pagdining ng Maryland (Maryland Office of Administrative Hearings) na may kasanayan at kadalubhasaan sa pamamagitan.

3. Anong ginagampanan ng tagapangasiwa upang masubukan ang paglutas ng hindi pagkakaunawaan?

Ang tungkulin ng tagapangasiwa ay ang tumulong sa mga tao upang marating ang kasunduan. Ang tagapangasiwa ay walang kinikilingan, hindi pumapanig sa kaninuman, subalit siya ay tumutulong sa mga partidos na makakita ng karaniwang batayan at tuklasin ang maaaring kalutasan hinggil sa hidwaan.

4. Kapag ako ay humingi ng pamamagitan, kailangan bang makisali ang pampublikong ahensiya?

Hindi. Ang pamamagitan ay kusang loob; ang parehong panig na nasasangkot sa gulo ay kailangang magkasundo na gumamit ng pamamagitan. Bagaman ang pampublikong ahensiya ay hindi kailangang pumayag na mamagitan, sa kadalasang pangyayari, ito ay pumapayag.

5. Kapag ang pampublikong ahensiya ay humingi ng pamamagitan, kailangan ba akong sumali?

Hindi. Kagaya ng binanggit sa katanungan sa #4, ang pamamagitan ay kusang loob.

¹ Ang tinatawag na pampublikong ahensiya sa dokumentong ito ay tumutukoy sa lokal na pamamalakad ng paaralan o ibang pampublikong ahensiya na may katungkulan para sa pagbibigay ng walang bayad at naaangkop na edukasyong pampubliko sa isang mag-aaral.

6. Maaari ba akong humingi ng pamamagitan kahit walang isinampang reklamo na angkop sa pamamaraan?

Oo. Maaari kang humingi ng pamamagitan sa anumang oras upang malutas ang hindi pagkakaunawaan. Sa katunayan, higit na mabuti na subukang lutasin ang hindi pagkakaunawaan sa pinakamadaling panahon at bago magsampa ng reklamo na angkop sa pamamaraan.

7. Sino ang maaari kong isama sa pamamagitan?

Maaari mong isama ang sinuman sa iyong paniniwala ay makakatulong sa paglutas ng alitan. Ito ay kinabibilangan ng kaibigang pinagkakatiwalaan, kamag-anak, ka-panig, o isang abogado. Para sa talaan ng mga organisasyon na nagbibigay ng walang bayad o mababang halaga ng legal o iba pang serbisyo, maaaring tingnan ang porma ng *Kahilingan para sa Pamamagitan at Reklamong Angkop na Pamamaraan (Request for Mediation and Due Process Complaint)*, o ang website ng Kagawaran ng Edukasyon ng Estado ng Maryland, Dibisyon ng Espesyal na Edukasyon/Mga Serbisyo sa Maagang Pamamagitan sa www.marylandpublicschools.org (piliin ang Dibisyon, Espesyal na Edukasyon Maagang Pamamagitan, at isunod na piliin ang Complaint Investigation and Due Process Branch).

8. Ano ang halaga para sa pamamagitan?

Wala gastusin sa iyo o sa pampublikong ahensiya. Ang halaga ng pamamagitan ay binabayaran ng Estado.

9. Anong mangyayari kung makarating kami sa isang kasunduan at pamamagitan?

Ang tagapangasiwa ay gagawa ng burador na kasunduan na pipirmahan mo at ng pampublikong ahensiya at ikaw ay makakatanggap ng kopya.

10. Anong mangyayari kapag nagkaroon ng pamamagitan at kami ay hindi nakarating sa isang kasunduan?

Kapag ikaw ay sumali sa isang pamamagitan at hindi kayo nagkaroon ng isang kasunduan ng pampublikong ahensiya, maaari kang (1) sumubok muli ng pamamagitan sa iba pang panahong darating; (2) tumuloy sa isang pagdinig (kung sa una ay nagsampa ka ng sapat na reklamo na angkop sa pamamaraan); (3) magsampa ng reklamo na angkop sa pamamaraan; o (4) humingi ng iba pang kaparaanan sa paglutas ng alitan.

Kapag nagpatuloy ka sa pagpagdinig ng angkop sa pamamaraan at ang tagapangasiwa ay isang hukom ng batas, ang hukom na ito ay hindi maaaring italaga sa pagdining ng iyong angkop sa pamamaraan.

11. Gaano katagal, matapos akong manghingi ng pamamagitan, bago ito mangyari?

Ang Tanggapan ng Pangasiwaang sa Pagdinig (The Office of Administrative Hearings) ay magsusumikap na magtakda ng pamamagitan sa pinakamadaling panahon, subalit ang pamamagitan ay hindi maaaring ipagkait o maantala sa karapatan mo sa paglilitis sa angkop na pamamaraan.

12. Ano ang mangyayari kung ang pampublikong ahensiya ay tumanggapin ang kasunduang narating sa pamamagitan?

Ang nakasulat at pirmadong kasunduan sa pamamagitan ay legal na umiiral at maaaring ipatupad saan mang Estadong hukuman na may kakayahang saklaw o sa isang distritong hukuman sa Estados Unidos.

13. Maaari ko ba o ng pampublikong ahensiya na gamitin ang mga dati nang pinag-usapan at mga alok na nagawa na sa pamamagitan, sa mga susunod pang mga pagdinig?

Hindi. Ang mga sesyon sa pamamagitan ay sarado [sa publiko]. Ang mga pag-uusap na nangyari sa pamamagitan ay kailangang lihim at hindi ito maaaring gamitin na ebidensiya sa anumang susunod pang pagdinig o pagkilos na sibil. Ang mga magulang o ang pampublikong ahensiya ay maaring hingian na lumagda sa lihim na pangako bago mag-umpisa ang pamamagitan.

14. Paano ako makakahiling ng pamamagitan?

Minamabuti na ang kahilingan ay ihaharap sa paggamit ng pormang *Kahilingan para sa Pamamagitan at Reklamo na Angkop sa Pamamaraan (Request for Mediation and Due Process Complaint)* na galing sa Tanggapan ng Pangasiwaan sa Pagdinig. Ganoon pa man, anumang nakasulat na kahilingan na naglalakip sa lahat ng kailangang impormasyon ang magpapasimula sa pamamaraang pamamagitan. Maaari kang kumuha ng porma sa pagtawag o pagsulat sa pampublikong ahensiya na may pananagutan sa edukasyon ng mag-aaral o sa Tanggapan ng Pangasiwaan sa Pagdinig. Ang porma ay makukuha rin sa website ng Tanggapan ng Pangasiwaan sa Pagdinig sa www.oah.state.md.us at ng Kagawaran ng Edukasyon ng Estado ng Maryland sa www.marylandpublicschools.org.

15. Saan ko ipapadala ang kahilingan para sa pamamagitan?

Ang iyong kahilingan ay kailangang ipadala sa pampublikong ahensiya na may pananagutan para sa programang pang-edukasyon ng mag-aaral at sa Tanggapan ng Pangasiwaan sa Pagdinig. Ang porma ay maaaring ipadala sa koreo, fax, o hatid-kamay. Ang Tanggapan sa Pangasiwaan sa Paglilitis ay hindi tumatanggap ng email na humihingi ng kahilingan para sa pamamagitan; ang tirahan ay 11101 Gilroy Road, Unit E/Clerk's Office, Hunt Valley, MD 21031, ang numero ng fax ay 410-229-4277.

16. Paano kung gusto kung umurong sa aking kahilingan na pamamagitan o nagbago ang aking isip tungkol sa pagsali sa pamamagitan na hiniling ng pampublikong ahensiya?

Magpadala sa koreo, fax, or hatid-kamay na sulat na may lagda at nagsasabi na gusto mong iurong ang iyong kahilingan sa Tanggapan ng Pangasiwaan sa Pagdinig, at ng pampublikong ahensiya, sa pinakamaagang panahon. Ang sulat ay maaaring magsama ng impormasyon na nagsasabi kung bakit ang kahilingan ay iniurong.

Muli, ang pamamagitan ay kusang-loob; kaya't kung magpasya ka na na ayaw mo nang subukan na lutasin ang alitan, o ayaw mo nang sumali pa sa kahilingan ng pampublikong ahensiya, hindi mo na kailangang gawin ito.

17. Hindi mo nasagot lahat ang aking mga katanungan. Saan ako pupunta para sa tulong?

Una, maaaring sumangguni sa dokumento sa pananggalang na pamamaraan na ibinigay sa iyo ng pampublikong ahensiya. Ang iyong iba pang mga tanong ay maaaring ipadala sa tauhan ng pampublikong ahensiya na may pananagutan sa edukasyon ng mag-aaral, sa Partners for Success o Family Support Services Center, Kagawaran ng Edukasyon ng Estado ng Maryland, Tanggapan ng Sentro ng Serbisyo para sa Suporta ng Pamilya (Family Support Services Center) (410-767-0267 or 1-800-535-0182, ext. 0267), o ang Tanggapan ng Pangasiwaang sa Pagdinig (Office of Administrative Hearings Clerk's Office (410-229-4281). Maari ka ring makipanayam sa isa sa mga organisasyon na nagbibigay ng walang bayad o mababang halaga na tulong para sa mga bagay na nauukol sa espesyal na edukasyon(ang talaan ng mga organisasyong ito ay kasama sa porma sa *Kahilingan para sa Pamamagitan at Reklamo sa Angkop na Pamamaraan (Request for Mediation and Due Process Complaint)*).

Ang pondo ay ibinigay sa pamamagitan ng Kagawaran ng Edukasyon sa Estado ng Maryland, Dibisyon ng Espesyal na Edukasyon, Mga Serbisyo para sa Maagang Pamamagitan (Maryland State Department of Education, Division of Special Education/Early Intervention Services) mula sa IDEA Parte B Pondo #HO27A070035A, Kagawaran ng Edukasyon sa Estados Unidos, Tanggapan ng Espesyal na Edukasyon at mga Serbisyon Pagbabagong Tatag (Office of Special Education and Rehabilitation Services). Ang mga pagpapahayag na ginawa dito ay hindi nangangahulugan na ito rin ang pananaw o pagpapahayag ng Kagawarang ng Edukasyon ng Estados Unidos o anumang ahensiyang Pederal at hindi dapat ituring na ganito. Ang Dibisyon ng Espesyal na Edukasyon/Mga Serbisyo para sa Maagang Pamamagitan ay tumatanggap ng pondo mula sa Tanggapan ng mga Programa sa Espesyal na Edukasyon, Tanggapan ng Espesyal na Edukasyon at Serbisyon Pagbabagong-Tatag, Kagawaran ng Edukasyon ng Estados Unidos. Ang impormasyong ito ay libreng kopyahin. Ang mga mambabasa ay hinihimok na kopyahin at ibahagi ito, subalit mangyaring ipagbigay-alam na ito ay galing sa Dibisyon ng Espesyal na Edukasyon/Mga Serbisyo para sa Maagang Pamamagitan.

Ang Kagawaran ng Edukasyon ng Estado ng Maryland (Maryland State Department of Education) ay hindi nagdidiskrimina batay sa lahi, kulay, kasarian, edad, bansang pinanggalingan, relihiyon, o kapansanan sa mga bagay na nakakaapekto sa pagtatrabaho o sa pagbibigay-daan sa mga programa. Para sa mga tanong na may kinalaman sa patakaran ng kagawaran, mangyaring makipag-ugnayan sa Sangay ng Pagtiyak ng Katarungan at Pagsunod (Equity Assurance and Compliance Branch, Boses (410) 767-0433 o Fax (410) 767-0431. Alinsunod sa Batas sa mga Amerikanong may mga Kapansanan (Americans with Disabilities Act(ADA), ang dokumentong ito ay makukuha sa mga panghalinghing anyo, kung hihilingin. Makipag-ugnayan sa Dibisyon ng Espesyal na Edukasyon/ Mga Serbisyo para sa Maagang Pamamagitan (Division of Special Education/Early Intervention Services), Kagawaran ng Edukasyon ng Estado ng Maryland sa boses (410) 767-0858, o fax (410) 333-1571.

Dev. 10/2007